ISSN 2672-2879

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 6 Blg. 2 | Abril - Hunyo 2024

www.pcc.gov.ph
DA-Philippine Carabao Center
oed@pcc.gov.ph



ARBs sa Mati City, nakilahok para sugpuin ang malnutrisyon sa Davao Oriental 2



Pamilyang Manalili sa pag-angat kasama ang kalabaw 5

# Feed technologies ng DA-PCC, ibinida sa Cara-Aralan FFD

Ni **Ronaline Canute**

***DA-PCC-NHGP***-*Sinaksihan ng mga carapreneurs at mga miyembro ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform (CAFAR) sa ginanap na Cara-Aralan Farmers' Field Day (FFD) noong Hunyo 20, 2024 ang technology showcase ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa mga innovative practices at research outputs nito para sa extension at advisory support.*

*Sundan sa p.3*



*Pinangunahan ni Dr. Caro B. Salces, deputy executive director ng DA-PCC, at ilang mga carapreneurs ang paggamit ng forage chopper sa paggawa ng silage na isa sa mga teknolohiyang ibinida sa Cara-Aralan Farmers' Field Day (FFD). Tampok din sa nasabing aktibidad ang mga research outputs ng ahensya na may layuning palawakin ang kaalaman at technical skills ng mga magsasakang maggagatas.*

# DSWD XII, DA-PCC sa USM kapit-bisig tungo sa kabuhayang kalabawan para sa 4Ps beneficiaries

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**

***DA-PCC sa USM***-*Upang mas mapaangat pa ang pamumuhay ng mga beneficiaries ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps, ipinagkaloob ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) at ng Department of Social Welfare and Development XII (DSWD-XII) ,kasama ang iba pang ahensya ng gobyerno, ang mga gatasang kalabaw sa Dagupan Sustainable Livelihood Program Association sa ilalim ng proyektong Zero Hunger noong Mayo 27 sa Dagupan, Kabacan, Cotabato.*

Sa ilalim ng temang "Sulong Kabuhayan tungo sa Pagyabong," ang pamamahagi ng mga gatasang kalabaw ay isa sa mga bahagi ng Sustainable Livelihood

*Sundan sa p.4*

# 19 kabataang magsasaka, nagtapos ng FLS-DBP

Ni **Mary Antonette Andarza**

***DA-PCC sa WVSU-*** *Labinsiyam na kabataang magsasaka ang kabilang sa 55 na nagtapos ng modular Farmers Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) sa seremonyang ginanap sa Hamtic Multipurpose Cooperative Covered Gym, Poblacion II, Hamtic, Antique noong Hunyo 21, 2024.*

Ang modular approach, na pinangunahan ng FLS-DBP trainer at Project Development Assistant II na si Angeline Javier, ay nagsagawa ng mga session on-site sa bawa't cluster sa loob ng dalawang oras bawa't session. Ang format na ito ay nagpapahintulot sa mga kabataang magsasaka na mga estudyante rin na dumalo sa araw ng linggo. Tumagal ang mga sessions mula Abril 24, 2024, hanggang Hunyo 21, 2024.

Si Elmer G. Misajon, ang 2024 class valedictorian sa Farmers Category, ay nagbahagi ng kanyang karanasan sa pagsasanay at kanyang binigyang-diin ang mga hamon at natutunan sa pag-aalaga ng dairy buffalo.

"Ang aming mga natutunan ay hindi limitado sa mga paksa na mayroon kami; ang pagsasanay ay isang paraan upang masukat namin ang aming determinasyon at pangako sa pag-aalaga ng aming mga kalabaw. Bago

*Sundan sa p.5*



Sulong para lutasin ang malnutrisyon sa pamamagitan ng pag-inom ng gatas ng kalabaw.

# ARBs sa Mati City, nakilahok para sugpuin ang malnutrisyon sa Davao Oriental

Ni Rodolfo Valdez Jr.

***DA-PCC sa USM**-Mahigit 7,000 mag-aaral sa Davao Oriental ang makikinabang sa gatas ng kalabaw matapos makilahok ang Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association (KARBENA), isa sa mga samahang tinutulungan ng DA-Philippine Carabao Center sa USM sa milk feeding program ng Department of Education o DepEd Region XI ngayong taong 2024.*

Ang Republic Act 11037, o kilala bilang "Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act," ay layuning labanan ang malnutrisyon sa mga bata sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga programa ng pagpapainom ng gatas, layunin ng pamahalaan na magdagdag ng pagkain sa mga bata upang tiyakin na natutugunan nila ang kanilang araw-araw na pangangailangan sa nutrisyon. Ang inisyatibang ito ay hindi lamang naglalayong ibalik ang normal na nutritional status ng mga bata bagkus ay naglalayon ding makatulong na mapalakas ang kanilang resistensya.

Ang pakikilahok ng KARBENA sa national feeding program ay nagpapakita ng halimbawa sa oportunidad ng mga inisyatibang pwedeng lahukan ng mga grupong pinamumunuan ng mga magkakalabaw. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga dating walang lupa na magsasaka, hindi lamang nito pinapangalagaan ang kakayahan ng kanilang kabuhayan kundi nagpapalakas din ng kanilang kakayahang umangkop at pagtibayin ang kanilang samahan.

> *"Ang ganitong multi-stakeholder approach ay nakatutulong upang matugunan ang partikular na mga pangangailangan ng komunidad, na naglalayong magbigay ng mas inklusibo, matatag, at angkop na solusyon sa malnutrisyon sa Pilipinas."*
>
> **Geoffray Atok**
> *Center Director, DA-PCC sa USM*

Sa pahayag ni DA-PCC sa USM Center Director Geoffray Atok, ang pakikisali ng KARBENA ay paraan upang mapakita ng gobyerno ang pagsuporta sa lokal na mga magsasaka at pangangalaga sa pagbibigay ng masusustansyang pagkain sa mga mag-aaral.

Bukod dito, ang mapabilang ang gatas ng kalabaw sa programa ng DepEd ay nagpapakita ng kahalagahan ng kolaborasyon

Sundan sa p.4

## DA-PCC sa VSU, para sa 'Lab For All'

Ni **Sunshine Sabidalas**

***DA-PCC sa VSU**-Nagpainom ng 200 bote ng chocomilk at 15 litro ng sariwang gatas ang DA-Philippine Carabao Center sa Visayas State University (DA-PCC at VSU) sa mga naging kalahok ng "Lab For All" ni First Lady Atty. Marie Louise "Liza" Araneta-Marcos na ginanap sa People Center, Tacloban City, Leyte noong Hulyo 4, 2024. Ito'y sa pakikipagtulungan ng Baybay Dairy Cooperative.*

Ang "Lab For All" ay isang proyekto na inisyatiba ng Office of the First Lady at ng Department of Health (DOH) na nag-aalok ng libreng medikal na konsultasyon, pagsusuri sa laboratoryo, X-ray, at gamot para sa lahat ng mga Pilipino. Ang proyektong ito ay nagpo-promote ng health-first mindset sa mga Pilipino at nagbibigay ng iba pang mga pangunahing serbisyo ng gobyerno sa pamamagitan ng "whole-of-nation" approach.

Ang DA-RFO 8 kasama ang iba pang mga ahensya ay sumali rin sa paglulunsad upang ipakita ang suporta nila sa programa.

Ipinakita rin ng DA ang kanilang libreng mobile clinic para sa animal health na nag-aalok ng libreng check-up at libreng bakuna laban sa rabies.

Ang ilang mga partner agencies ng DA tulad ng Philippine Coconut Authority ay nagbahagi rin ng ilang mga produktong gatas.

## Feed technologies ng DA-PCC...

Mula sa p. 1

Ang FFD ay isang learning event platform ng DA-PCC Knowledge Management Division na layong pataasin ang kaalaman at technical skills ng mga carapreneurs. Ito rin ay pina-iksing bersyon ng Farmers Field School, isang people-oriented learning approach na binuo ng Food and Agriculture Organization (FAO) na nagbibigay-diin ng hands-on learning at practical application.

Apat na key technologies sa nutrisyon at pakain na kasalukuyang ipinatutupad ng DA-PCC sa Nueva Ecija ang ibinida sa FFD.

Pinangunahan ni Mary Rose Uy-De Guia, senior science research specialist at head ng Production Systems and Nutrition Section, ang pagpapakilala sa Enhanced Rice Straw technology (eRs). Sinabi niya na ito ay nakapagbibigay ng magandang nutrisyon sa mga kalabaw.

Ipinakilala naman ni Edwin Gonzales, Science Research Specialist I, ang Buro Booster—teknolohiyang nagbibigay ng solusyon para sa food production. Tinutulungan din nito ang mga magsasaka na imaximize ang feed efficiency na nakapagppapaganda sa kalusugan ng kanilang mga alaga.

Ipinaliwanag naman ni Psalm Joseph Lavarias, science research analyst, ang mga benepisyo ng Blockmate, isang nutritional block na maghahatid ng optimal growth at pagiging produktibo ng mga gatasang hayop.

Ang pinaka-highlight ng techno-demo ay ang paggamit ng drone para sa pag-spray ng pesticides, pataba, at iba pang crop treatments sa mga malalawak na taniman o farmland.

# Mga Negrosanong carapreneurs sinanay sa Dairy Box operation, management seminar

**Ni Louie Jee Huelar**



*Larawang kuha nina Aira Soriano-Aquino & Louie Jee Huelar*

***DA-PCC sa LCSF**–Sa adhikain na matulungan ang mga kooperatiba sa Negros Occidental at Negros Oriental na makamit ang mataas na profitability ng kanilang negosyong salig sa kalabaw, nagsagawa ang DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ng seminar tungkol sa Dairy Box operation at management noong Abril 26-27, 2024 sa Victorias City, Negros Occidental.*

Isa-isang pinag-aralan ng mga kalahok ang business literacy at marketing techniques sa milk value chain. Ilan din sa kanilang mga natutunan ang mga paksa sa layout at visual merchandising, pamamahala ng inventory, Dairy Box management calculator, Facebook page promotion, at vision traction organizer.

Bukod dito, ang mga kalahok ay natuto kung paano mag-calculate ng breakeven point at mag-evaluate ng pinansyal gamit ang mga metrics tulad ng ROI at iba pang mahalagang variables. Bukod dito, natutunan nila ang mga estratehiya at impormasyon tungkol sa pricing at gastos ng produkto.

Ang seminar ay pinangunahan ng DA-PCC sa La Carlota Stock Farm sa pangunguna ni Center Director Eva Alvarez at CBED Coordinator Eden Tio, sa pakikipagtulungan ni DA-PCC Deputy Executive Director Dr. Caro Salces, National Dairy Box Focal Mikee Mallare, Project Development Officer I Aira Soriano-Aquino, DA-PCC sa Ubay Stock Farm Center Director Dr. Ma. Dinah Loculan, Agrulturalist II Leinefe Aton, at City Veterinary OIC Allen Joy Panes.




**MGA OPISYAL NA MASCOT NG DA-PCC**














*Nagbigay inspirasyon si Dr. Ericson Dela Cruz, center director ng DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU), sa mga kalahok na carapreneurs upang sipagan at paunlarin ang kabuhayang salig sa kalabaw.*

# DA-PCC sa CLSU, inihanda ang mga susuong sa pagkakalabawan ng Masinloc, Zambales

Ni **Christine Helen Adriano**

***DA-PCC sa CLSU***–*Dalawang araw na Social Preparation Training ang isinagawa ng DA-Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) para sa mga piling benepisyaryo sa ilalim ng Dairy Herd Buildup Project.*

Ang mga kalahok ay mga piling benepisyaryo na tatanggap ng mga buntis na kalabaw sa ilalim ng Dairy Herd Build-up Project.

Ang pagsasanay, na ginanap noong Hunyo 6-7, 2024 sa Brgy. Sto. Rosario, Masinloc, Zambales, ay isang mahalagang pangunahing hakbang bago ipagkatiwala ang mga buntis na kalabaw sa mga kalahok.

Binigyang-diin ni Rebecca Ruby G. Gabriel, carabao-based enterprise development (CBED) coordinator ng DA-PCC sa CLSU, ang kahalagahan ng pagtanggap nila sa kanilang mga papel bilang mga farmer-trustees ng mga gatasang kalabaw.

Si Dr. Ericson N. Dela Cruz, center director ng DA-PCC sa CLSU, na nagsilbing tagpagsalita, ay nagbahagi rin ng gabay sa mga kalahok ukol sa pakikisangkot at pagyakap sa mga responsibilidad sa programa ng ahensya.

Sa ikalawang araw, sinabi ni Ferdinand Echon, municipal agriculturist ng Masinloc, na ang mga kalahok ay pinili dahil naniniwala sila sa kanilang kakayahan na alagaan ang mga dairy buffaloes.

"Tulungan ninyo kami, tulungan natin ang DA-PCC para maging successful ang programa," paghihikayat niya sa mga kalahok.

Pinuri ni Director Dela Cruz ang mga magagandang pangarap ng mga kalahok at pinayuhan sila na pahalagahan ang mga aral na kanilang natutunan at ibahagi ito sa mga susunod na henerasyon.

"Hindi ito ang huli nating pagkikita. Babalik kami dala ang inyong mga kalabaw," pagtatapos niya.

Ang kalahok na si Jeramie Nacin ay nagpahayag ng taos-pusong pasasalamat sa mahalagang pagsasanay na ibinigay ng DA-PCC sa CLSU. Gayundin si Christian Pierre T. Nacin, na nagpaabot din ng pasasalamat sa ngalan ng Brgy. Sto. Rosario sa Zambales, na pinili bilang mga tatanggap ng mga buntis na gatasang kalabaw.

"Huwag maghilahan pababa, bagkus magtulung- tulong upang maiangat ang bawa't isa sa atin," dagdag pa niya.

Tiniyak naman ni Christine Helen M. Adriano, training coordinator ng DA-PCC sa CLSU, na ang pagsasanay ay simula pa lamang ng mahabang paglalakbay. Kasunod nito ang teknikal na pagsasanay na ibabahagi ng mga eksperto ng Center. Kanyang binigyang diin ang patuloy na suporta at gabay na kanilang matatanggap.

Kasama sa pagsasanay ang mga kawani ng lokal na pamahalaan ng Masinloc kabilang si Andy Miano, senior agriculturist at Dr. Eilleen Rose Educalane, municipal veterinarian. Bukod dito, ang mga dedikadong staff mula sa DA-PCC sa CLSU, kasama si Calvin Kim Dioses, assistant training coordinator, Dr. Lara Sibulburo, CBED veterinarian; at Dann Lowie Dacanay, food technologist, ay naging bahagi rin ng pagsasanay.

Matapos ang komprehensibong pagsasanay, 19 na buntis na gatasang kalabaw ang ipagkakatiwala sa kanila, pagpapahiwatig ng isang bagong yugto sa pamamahala ng matatag na paggagatasan sa bayan ng Masinloc, Zambales.

## DSWD XII, DA-PCC sa USM...

Mula sa p. 1

Program (SLP) ng DSWD. Layunin nitong payabungin ang pamumuhay ng mga benepisyaryo ng 4Ps sa pamamagitan ng pamamahagi ng pangkabuhayan tulad na lamang ng negosyong salig sa kalabaw.

Sa pamamagitan ng SLP at Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP) Program, inaasahan ni DA-PCC sa USM Center Director Geoffray R. Atok ang positibong bunga ng unang proyektong kalabawan sa Kabacan, Cotabato.

"Dahil sa patuloy na pagkakapit-bisig ng mga ahensya na makapagbigay ng mga interbasyong pang-agrikultura, kami ay naniniwala na magagabayan natin sa pag-unlad ang isang asosayon na pinangungunahan ng mga 4Ps beneficiaries," ani Director Atok.

Bago ang pamimigay ng kalabaw, sumailalim muna ang grupo ng Dagupan SLP sa isang pagsasanay kung saan inihahanda sila nang lubusan sa pagtanggap sa proyektong gatasang kalabaw.

Samantala, pinatibay ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cotabato at ng Lokal na Pamahalaan ng Kabacan ang kanilang pakikipagtulungan upang matiyak ang pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa hayop at pagpapatupad ng mga angkop na batas para mapanatili ang tagumpay ng proyekto.

Sinaksihan ang entrustment activity ng Dagupan SLP, mga kinatawan mula sa DSWD XII at DA-PCC sa USM, Cotabato Board Member Jonathan Tabara, AdBoard ng Lalawigan na si Albert Rivera, Kagawad ng Kabacan na si Myra Dulay-Bade, at mga opisyal ng Brgy. Dagupan.

## ARBs sa Mati City...

Mula sa p. 2

sa pagitan ng mga ahensya ng pamahalaan at mga organisasyon.

"Ang ganitong multi-stakeholder approach ay nakatutulong upang matugunan ang partikular na mga pangangailangan ng komunidad, na naglalayong magbigay ng mas inklusibo, matatag, at angkop na solusyon sa malnutrisyon sa Pilipinas," dagdag ni Director Atok.

Ang KARBENA ay isa mga nabiyayaan ng mga gatasang kalabaw, dairy processing and marketing facility sa ilalim ng proyektong ALAB-Karbawan noong taong 2019.

# Pamilyang Manalili sa pag-angat kasama ang kalabaw

Ni **Camilla Soliman**



***DA-PCC sa CLSU*** *-Sa bayan ng FloridaBlanca sa Pampanga nakatira ang pamilya Manalili. Ang haligi ng tahanan na si Edgar D. Manalili, 58, katuwang ang kanyang mga anak ang siyang tumututok sa pag-aalaga ng kanilang mga gatasang kalabaw. Dating Overseas Filipino Worker (OFW)sa Saudi Arabia si Edgar, kung saan siya'y nagtrabaho bilang industrial technician sa isang power plant ng halos 21 taon.*

Noong 2017, umuwi siya ng Pilipinas at taong 2019, nagpasya siyang mag-alaga ng kalabaw. Nakabili siya ng dalawang kalabaw, pandagdag sa isang kalabaw na regalo ng kanyang anak noong anibersaryo nilang mag-asawa. Mula sa tatlong alagang kalabaw, meron na siyang 16 na inaalagaan sa kasalukuyan.

Isang magandang ehersisyo na rin kung ituring ni Edgar ang pagkakalabawan. Aniya, nahirapan siya sa paghahanap ng masusuplayan kaya nasa 25 litro lamang ng gatas ang kinokolekta nito sa dalawang gatasang kalabaw na siya naman niyang idinadala sa dalawang talipapa at tatlong baryo. Isang beses lamang din maggatas sila Edgar gawa ng kawalan ng freezer na mapaglalagyan ng gatas.

Mula sa paggagatas, aktibo rin ang kanilang pamilya sa pagtatanim ng pagkain para sa mga kalabaw dahil para hindi sila mapabayaan at magutom. Nagsimula na rin silang gumawa ng silage at nagbebenta rin sila ng dumi ng kalabaw sa mga naghahalaman sa kanilang lugar. Dahil sa sipag ng mga anak ni Edgar, mas napadadali ang trabaho nila dahil sa kanilang dedikasyon at sama-samang pagtutulungan.

"Nasa 1.2 ektarya halos ang nakalaan para sa pagkain ng mga kalabaw at dahil nahilig kami sa kalabaw nagsanay din 'yong bunso ko na gumawa ng silage at tsaka 'yong dumi rin ng mga kalabaw ay binebenta rin namin. Ang isang sako ay PHP100 at nagdedeliver din kami sa mga baryo at ibenebenta namin ito ng PHP120 hanggang PHP130. Wala talagang tapon sa pagkakalabaw," pagmamalaki niya.

Nasubukan na rin ng pamilya Manalili ang magbenta ng kanilang kalabaw tuwing nangangailangan ang mga ito ng panggastos. Ani Edgar, karamihan sa kanilang ibinebenta ay mga lalaking kalabaw. Malaki naman 'di umano ang presyo nito at nakukuha ng PHP100,000 hanggang PHP120,000.

Kung ang ibang magkakalabaw ay nakapagpundar na ng mga sasakyan at nakapagpaayos ng bahay, mas pinagtuunan ni Edgar ang pangangailangan ng kanyang mga kalabaw. Dahil sa pagtutulungan nilang mag-aama ay nakapagpatayo sila ng kulungan. Kung dati ay bubong lamang at sa kawayan gawa ang kulungan nito, mas napaganda na nila dahil sa katas ng paggagatas. Bukod dito, nagawa na rin nilang magpatayo ng paliguan para sa kanilang mga kalabaw, lalo na't mahalaga na maging kumportable ang mga ito upang mabawasan ang init na dulot ng panahon.

"Nagustuhan naming mag-alaga ng kalabaw kasi may malaking pera dito. Bumili kami sa junkshop sa San Fernando, Pampanga ng mga bakal para sa kulungan nila kaysa bumili ng bago kasi mahal tapos manipis lang eh itong galing sa junkshop matibay at makapal na," dagdag pa niya.

Malaking tulong ang DA-Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) sa kwentong tagumpay ni Edgar mula nang naging benepisyaryo siya ng Bull Entrustment Program noong 2021 hanggang sa tuluyan nang mai-award ito sa kanya noong Mayo 14, 2024.

"Malaking bagay ito sa pamilya ko dahil nairaos niya kami. Kaya hinihikayat ko ang kapwa ko magsasaka na magsimula lang kayo sa isa o dalawang kalabaw hanggang sa 'di niyo namamalayan, dadami na. Tyaga lang at sipag sa pag-aalaga," aniya.

## 19 kabataang magsasaka, nagtapos...

Mula sa p. 1

ang pagsasanay, naisip ko na ang pag-aalaga ng kalabaw ay 'basic,' pero higit pa pala rito dahil napagtanto ko na ang pagawaan ng gatas ay maaaring maging negosyo ng pamilya," saad niya.

Hinikayat ni Felmar M. Sarad, ang 2024 class valedictorian sa Youth Category, ang kanyang mga kasamahan na tingnan ang industriya ng pagawaan ng gatas bilang isang sustainable na kabuhayan.

"Tayong bagong henerasyon, kailangan nating suportahan ang ating mga magulang sa pagsasaka at huwag talikuran ang agrikultura. Hindi sa pagmamayabang, pero hands-on ako sa dairy farm namin. Ang aming pagsasanay ay malaking tulong sa aming kabuhayan at makatutulong na maging kilala ang Sarad Dairy Farm sa buong mundo," pagbabahagi ni Felmar.

Ang graduation ay pinangunahan ni Janice H. Cuaresma, Carabao-based Enterprise Development(CBED) program coordinator ng DA-PCC sa WVSU at ni Marciano T. Virola, Jr., senior cooperative advisor ng AgriTerra, na nagsilbing guest speaker.




Ang kaganapan ay isa sa mga highlights ng 57th foundation anniversary ng Hamtic Multi-Purpose Cooperative, isa sa mga conduit cooperatives sa ilalim ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN).

Kasama sa mga dumalo sina Hon. Liberty Bertolano, SB-Miyembro ng Hamtic Committee on Agriculture; Feliza E. Labrador, MPA, General Manager ng Antique Federation of Cooperative; Mercy Gabasa, Acting Supervising CDS, Cooperative Development Authority; Lanelyn T. Beliceña, Provincial Cooperative Specialist; at Jasmine Tejada, Kinatawan ng VICTO.



# #KALASERYE


## Samahan si Mang Caro sa kanyang CaraVenture!

April 12

### *#KALASERYE | Paano mapapasaya ni Mang Caro ang kanyang mga kalabaw sa paltos na init ng tag-araw?*

Walong kalabaw ang makikitang nagsisiksikan habang ngumunguya ng dayami na inihain ng kanilang may-ari na si Mang Caro. Ang mga hayop ay nagiingay, marahil dahil hinihintay nila si Mang Caro na dumating at lagyan muli ang kanilang tuyong dispenser ng tubig o ipastol sila sa ilalim ng mga puno ng mangga.

Ang sakahan ni Mang Caro ay matatagpuan sa gitna ng mga palayan. May mga bitak sa lupa, na nagpapahiwatig na isang buwan nang hindi umuulan sa kanilang lugar. Ang matandang magsasaka ay bumangon mula sa kanyang siesta sa duyan, dinampot ang kanyang sumbrero, at tumuloy sa kulungan ng kanyang mga kalabaw. Ang mga hayop ay mas lalong umingay ng malakas nang makita siya. Naisip niya na baka gusto nilang manginain, ngunit ang mga damo ay tuyo at kaunti na ang naiwan sa kanyang imbakan.



Tiningnan ni Mang Caro ang water dispenser ng kanyang hayop. Huminga siya ng malalim nang makitang wala na itong laman. Medyo nairita siya pang-sampung beses na niyang nire-refill ang water dispenser nila. Umiling siya, kinuha ang balde para kumuha ng tubig sa katabing balon. Hindi umulan ng isang buwan, at si Mang Caro at ang kanyang mga kasamang magsasaka ay nahihirapan sa pagkuha ng sapat na tubig. Hindi mabubuhay ang kanilang mga pananim at alagang hayop kung magtatagal ang tagtuyot.

Habang ang ibang tao ay nag-e-enjoy sa tag-araw, kabaligtaran naman ang sitwasyon ng mga dairy farmers tulad ni Mang Caro.

Ano kaya ang dapat gawin ni Mang Caro upang maging masaya at komportable ang kanyang mga kalabaw ngayong summer?

Inirerekomenda ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na ang mga pangkalahatang kinakailangan ng isang magandang pasilidad ng pabahay ng kalabaw ay ang mga sumusunod: kaginhawahan, kaligtasan, ekonomiya, perpektong lokasyon at dalisdis ng lugar, at sapat na espasyo upang mapaunlakan ang bilang at laki ng mga kalabaw.

Ang mga dairy cow ay may mas maraming gatas kapag ang temperatura ay nasa pagitan ng 5°C at 22°C. Sa ilalim ng mga tropikal na kondisyon kung saan ang average na temperatura sa paligid ay mula 25.5°C hanggang 28.4°C, ang pagkakaloob ng angkop na tirahan para sa mga dairy buffaloes.

April 19

### *#KALASERYE | Ano ang napanood ni Mang Caro?*

Napakapayapa ng gabi sa sakahan ni Mang Caro. Mula sa bintana ng kanyang sala, tahimik na pinagmamasdan ni Mang Caro ang kanyang bukid. Humigop siya sa kanyang mainit na kapeng barako saka sumandal at tumingala sa kalangitan. Naglakbay ang kanyang diwa, mas malayo pa sa kanyang tinatanaw. Madalas na nag-aalala at nababahala si Mang Caro kung paano niya ipagpapatuloy ang pag-aalaga sa kanyang mga kalabaw dahil wala siyang sapat na kaalaman sa pagkakalabawan.

Naputol ang kanyang pag-iisip nang may kumatok sa pinto. Napaisip ang matanda dahil wala naman siyang inaasahang bisita lalo na sa ganitong oras. Ipinatong niya ang kanyang kape sa mesa saka tumayo para tingnan kung sino ang dumating. Bumungad sa kanya ang isang dalagang naka backpack at maraming dala-dala.

"Carolyn?" May pagtataka at tuwa sa boses ni Mang Caro. Halatang miss na miss niya ang panganay na anak. Pinapasok ang anak at matapos ibaba ang mga gamit ay nagmano ang dalaga sa ama.

Si Carolyn ang panganay sa apat na anak ni Mang Caro. Ang kanyang tatlo pang anak ay kasalukuyang nasa high school at nagbo-boarding sa may malapit na bayan. Matagal na nag-usap at nagkamustahan ang mag-ama. Maya-maya ay binuksan ni Carolyn ang kanyang bag at may inilabas na naka-box na agad iniabot sa ama.

Tila may kiliti sa puso ni Mang Caro nang mapagtantong binilhan siya ng anak ng smartphone. Meron naman siyang ginagamit na de-keypad nguni't nais ng mga anak na magkaroon siya ng bago para mas madali nila itong naa-update. Sinabi rin ni Carolyn na nagawan na niya ng Facebook account ang ama at tinuruan niya ito kung paano i-operate ang nasabing app.

Tila umaayon naman ang pagkakataon dahil may magagamit na si Mang Caro upang makahanap ng mga impormasyon na makatutulong sa kanyang pagkakalabaw, nagfollow siya sa Facebook page ng DA-PCC at tumambad sa kanyang screen ang isang video na may pamagat na "Tunghayan ang mga kwentong tibay at pagbangon ng mga kampeon sa larangan ng pagpapaunlad ng industriya ng pagkakalabawan."

Palalim na nang palalim ang gabi. Nakapatay na rin ang mga ilaw sa loob ng bahay ni Mang Caro maliban sa ilaw ng kanyang cellphone screen.

"Kami ay magiting na carapreneurs. Sa isip, sa salita, at sa gawa…" Natapos na ang kanyang pinapanood.

Pinatay niya ang kanyang cellphone, umayos nang upo, at nagdasal. Nang gabing iyon, isa lang ang pangarap na hiniling niya sa Diyos...ang maging isang magiting na magkakalabaw.

Mapapanood ang video ng "Faces of Success in Carapreneurship" sa link na ito https://www.facebook.com/watch/?ref=search&v=528948279243033&external_log_id=0493922d-3986-41d5-8c7a667b4dc35131&q=faces%20of%20success%20DA-PCC

Abangan ang susunod na kabanata ng kwento ni Mang Caro sa susunod na linggo.

#CaroStory #CaraVenture



April 26

### #KALASERYE | Atapang atao!

Nawiwili na si Mang Caro sa kaka-scroll sa kanyang Facebook, isang linggo matapos maturuan ng anak ay tila hindi na niya mahiwalayan ang app na ito.

Marami na rin siyang mga nakilalang bagong kaibigan na magsasaka at magkakalabaw na nagpakilala sa kanya sa Facebook group na "Tropang Kalabaw."



Sa pamamagitan ng grupong ito ay nadadagdagan ang kanyang mga kaalaman sa wastong pangangalaga ng kalabaw. Natutuwa rin siyang panoorin ang mga araw-araw na karanasan ng iba pang magkakalabaw na kabilang sa Facebook group.

Bigla siyang napatigil at kinausap ang kanyang sarili. Natanong kung hanggang dito na lang ba ang kanyang kalagayan. Masyadong malaki na ang perwisyo ng El Ninong ito at nakakadagdag pa sa kanyang mga pasanin. Mag-isa niya kasing itinataguyod ang kanyang sakahan at pamilya. Kung sabagay, ilang buwan na lang at magbabakasyon na ang mga bata kaya't kahit papaano ay may inaasahan siyang makatutulong sa kanya. Napabuntong-hininga na lang ang matanda.

Muli niyang binuksan ang kanyang cellphone at binalikan ang video ng "Faces of Success" na kanyang napanood sa Facebook page ng DA-PCC.

"Kung kaya nila, kaya ko rin," sabi niya sa sarili.

Nang oras ding iyon ay nakapagpasya na siya. Desidido na talaga siya na walang mangyayari kung hindi rin niya tapangan ang kanyang loob at subukang sumuong sa kabuhayang alam niyang makatutulong sa kanya.

Tumingin ulit siya sa kanyang screen na kanina pa nakalabas ang contact details ng DA-PCC…di-nial…nag-ring…at maya-maya ay..

"Hello po. You are calling Philippine Carabao Center. How can we help you po?" Tinig ng babae ang kanyang narinig sa kabilang linya. Bigla siyang kinabahan pero kailangan niyang tibayan ang kanyang loob.

"Magandang araw po, paano po ako makaka-avail sa serbisyo at programa ng DA-PCC?"

Abangan ang sagot sa tanong ni Mang Caro sa susunod na linggo.

May 10

Dahan-dahang hinigop ni Mang Caro ang kanyang paboritong kapeng barako habang naghihintay at nakikinig ng balita sa radyo. Sumulyap siya sa kanyang orasan dahil ilang minuto na lang ay darating na ang kanyang mga inaasahang bisita.

"Beep…beep…beep…"

Nagmadali siyang lumabas nang marinig ang bumubusinang sasakyan. Ngayon kasi ang schedule ng on-site visit ng mga taga-DA-PCC sa MMSU sa kanyang farm.

"Naimbag nga agsapa yo apo," pagbati ni Mang Caro sa kanyang mga bisita na sina Dok Marga, isang beterinaryo at si Popoy, isang AI technician mula sa center.

Matapos magkamustahan ang grupo ay sinamahan sila ni Mang Caro sa kanyang kalabawan. Bukambibig ng matanda na sana'y makapaggatas na siya sa lalong madaling panahon.

Matapos ang masinsinang pagsusuri sa walong kalabaw ni Mang Caro ay napag-alamang kulang sa ipinapainom na tubig ang mga ito dahil sa mga ipinakitang sintomas.

Napakunot-noo na lang ang matanda.

Ano ba ang water deprivation sa mga alagang kalabaw at paano ito maiiwasan? Alamin sa impormasyong nasa larawan.

June 21

Isang hapon, pinastol ni Mang Caro ang kanyang mga kalabaw sa may malapit sa kanyang taniman ng palay. Araw-araw na niya itong ginagawa simula nang lumamig ang panahon sa kanilang lugar. Makalipas ang isang linggo, napansin niyang isa sa mga ito ay papayat nang papayat at wala na ring ganang kumain.

Dahil sa lubhang pagkabahala at sa takot na mamatay ito, agad siyang tumawag sa DA-PCC sa MMSU upang ikonsulta ang kanyang problema. Matapos ang masinsinang inspeksyon, napag-alaman ng mga experts na rumesponde na nagkaroon ito ng Liver Fluke Infection.

Ano nga ba ang sakit na ito at paano ito nakaaapekto sa mga kalabaw?

Ang Liver Fluke ay flat, leaf-like parasitic worms. Ang intermediate host nito ay mga suso (snail) na karaniwang matatagpuan sa mga forage na tumutubo sa matubig na lugar katulad ng palayan, irrigation, sapa, at latian.

Nakukuha ito ng mga hayop sa pamamagitan ng pagkain nila ng basang forage at pag-inom ng tubig na naglalaman ng infective stage ng liver flukes.

Kontrol at pag-iwas:
A. Regular Deworming;
B. Mag-develop ng forage area;
C. Pakainin lamang ang mga kalabaw ng damo na galing sa developed areas; at
D. Patuyuin ng isang araw ang inaning damo bago ipakain.





Abangan ang susunod na kabanata sa kwento ni Mang Caro! Tumutok sa official Facebook page ng DA-PCC.

*Abangan sa susunod na isyu:*

**Paglulunsad ng OMK! Campaign**




**Cara-Aralan Farmers' Field Day sa Visayas**






*Araw-araw na routine ni Jose Austria ang bisitahin at i-monitor ang kalagayan ng 46 niyang kalabaw kasama ang kanyang tagapag-alaga.*

# Bunga ng pagsisikap sa pag-aalaga ng kalabaw

Ni **Camilla Soliman**

***DA-PCC sa CLSU***–*Kinilala ni Jose Austria, 80 taong gulang mula sa Capas, Tarlac, ang kabuhayang suporta ng gobyerno sa kaniyang pamilya. Sinabi niyang ang kalabaw na kanyang natanggap mula sa DA-Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) ay nagbigay daan sa kanya para suportahan ang edukasyon ng kanyang mga anak at mapanatili ang kanilang kabuhayan.*

“Basta mahalin mo lang ‘yong binigay sa'yo ng gobyerno, kikita ka. Pinagtiisan ko ‘yong hirap para makapagtapos ‘yong mga anak kong nag-aaral,” ani Jose.

Noong 1970, sinimulan ni Jose ang kanyang pakikipagsapalaran sa pagkakalabawan sa pamamagitan ng pag-aalaga ng kalabaw. Kalaunan, nakabili na rin siya ng isang babaeng kalabaw sa Pampanga. Ito ang nagbukas ng pintuan sa kanyang paglalakbay upang maging isang carapreneur. Natuklasan ni Jose ang kanyang hilig sa pag-aalaga ng kalabaw at kinilala ang potensyal nito bilang isang kapaki-pakinabang na dagdag kita para sa araw-araw. Inilaan niya ang kanyang oras at lakas sa pag-aalaga sa kanyang mga kalabaw hanggang sa dumami na ang mga ito. Sa kasalukuyan, si Jose ay mayroon nang 46 na kalabaw na inaalagaan sa kanyang bukid.

Upang pondohan ang kanyang pangangailangan at makapagbigay para sa pamilya, sinimulan niya ang pagbebenta ng kanyang mga lalaking kalabaw habang inaalagaan ang mga babaeng kalabaw sa kanyang bukid.

Aniya, ang presyo ng kanyang mga kalabaw ay hindi pare-pareho at ito ay nakabatay sa kanilang laki. Ang mga presyo nito ay naglalaro mula PHP60,000 hanggang PHP100,000.

Dahil sa kanyang edad, katuwang ni Jose sa pag-aalaga ng kalabaw ang isang Aeta na pinapaswelduhan niya ng PHP3,000 kada buwan. Tuwing umaga, ang mga kalabaw ay ipinapastol sa bukid upang makapag tampisaw sa tubig at sa gabi ay tinitipon sila sa loob ng corral.

Bukod dito, isa sa mga tagumpay ni Jose ay ang pagbili ng second-hand na 4x4 Toyota Land Cruiser para magamit sa pagnenegosyo. Kwento niya, nagbenta siya ng isa sa kanyang mga kalabaw upang makabili nito.

Ang ibang kita niya sa pagbebenta ng kalabaw ay ibinibili niya ng binhi ng palay. Dahil dito, hindi maikakaila ang tulong na naibigay ng kabuhayang pagkakalabaw kay Jose.

Ipinahayag din niya ang kanyang taos-pusong pasasalamat sa DA-PCC sa CLSU sa pagiging isang benepisyaryo ng Bull Entrustment Program.

“Marami akong utang na loob sa DA-PCC sa CLSU dahil kung hindi ako binigyan ng naglalahing kalabaw, ‘di uunlad ang aking kalabawan,” aniya.

Ang buhay ni Jose Austria ay nagsisilbing patunay na ang pag-aalaga ng mga kalabaw ay talagang nagdudulot ng kita at oportunidad. Hanggang ngayon ay patuloy pa rin sa pag-aalaga ng kalabaw si Jose at aniya ay hindi niya iiwan ang pagiging isang carapreneur. Siya umano ay lubos na natutuwa sa buhay na kanyang tinatahak ngayon.


## *Patnugutan*

**Patnugot** ROWENA S. GALANG, MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Tagapamahalang Patnugot** RONALINE C. CANUTE
**Manunulat** RONALINE C. CANUTE, RODOLFO T. VALDEZ JR., MARY ANTONETTE G. ANDARZA, CAMILLA A. SOLIMAN, SUNSHINE T. SABIDALAS, CHRISTINE HELEN M. ADRIANO, LOUIE JEE C. HUELAR
**Layout at Ilustrasyon** FRANCE JOSEPH O. PASCUAL
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, FRANCE JOSEPH O. PASCUAL
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD

*CaraBalitaan*

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala apat na beses sa isang taon para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*


*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.*

K-Portal

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

DA-PCC Virtual Tour

*Maaari na ring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*